

Wikang Filipino

Aktibo sa Kumpanya Role Model na Dayuhang Permanent Resident

Koleksyon ng mga aktibidad



Shizuoka Prefecture Department of Economy, Trade and Industry
Employment Support Bureau

9-6 Ote-machi, Aoi-ku, Shizuoka City 420-8601
Telepono 054-221-2334

Inilathala noong 2021.2

企業で活躍する定住外国人ロールモデル活躍事例集 フィリピン語版
(問い合わせ先：静岡県経済産業部就業支援局 電話：054-221-2334)

Shizuoka Prefecture Department of Economy, Trade and Industry
Employment Support Bureau

Panimula

Sa Shizuoka Prefecture, maraming dayuhan ang naninirahan, gaya ng Japanese Brazilians, na may residence status (*) batay sa kanilang posisyon sa organisasyon o katayuan sa lipunan.

Sa kasalukuyan, marami sa kanila ang nagtatrabaho bilang mga dispatched o contractual na empleyado, ngunit dumarami ang mga nagtatrabaho bilang full-time na empleyado sa mga kumpanya sa pamamagitan ng paggamit sa kanilang foreign roots at pangigingabaw sa mga pagkakaiba sa wika at kultura.

Sa booklet na ito ay ipinapakilala ang mga taong nagtapos sa Japanese schools o ang mga nasa edad na nang dumating sa Japan, kung paano nila ginugol ang kanilang oras sa Japan at matapos ay kung paano sila naging akitbo sa mga kumpanya.

Ito ay puno ng mga tips para sa mga dayuhan para pag-isipan ang tungkol sa kanilang hinaharap. Mangyaring gamitin ito bilang isang pagkakataon para pag-isipan hinaharap ng inyong mga sarili at ng inyong mga anak.

* Ano ang residence status batay sa posisyon sa organisasyon o katayuan sa lipunan?

Pinapayagang manirahan sa loob ng itinakdang panahon nang walang mga limitasyon sa pagtatrabaho ayon sa residence status, at maaaring magtrabaho kagaya ng mga Hapon.

Permanent Resident	Permanent Resident permit holder (kabilang ang mga nagmula sa Korea, China, atbp. na naninirahan na sa Japan bago pa ang giyera at kanilang mga anak)
Spouse or Child of Japanese National	2nd generation Japanese, asawa / anak / specially adopted child ng isang Hapon
Spouse or Child of Permanent Resident	Asawa ng permanent resident o special permanent resident, at mga batang ipinanganak sa Japan
Long Term Resident	3rd generation Japanese, residente ng Hapon sa Tsina, resettled refugees

Table of Contents

● Yukari Aline Suzuki (Suzuki Motor Corporation)	2
● Sayuri Gabriela Yoshida (Hamamatsu Iwata Shinkin Bank)	4
● Yuriko Aoki (idex! Co., Ltd.)	6
● Minagi Baba (AIZEN Co., Ltd.)	8
● Gabriel Libero Leyte Tsujino (Gojo Paper MFG. Co., Ltd.).....	10
● Chago Mitsuo Tachibana (Limited Company Kaneko Iron Factory)	12
● Leonardo Tsuchiya (Hamamatsu City Hall)	14
● Hiroshi Okino (Forest Co., Ltd.)	16
● Munhubat Nyamujau (Limited Company Yanazai).....	18
● Takumi Hamada (FUGAKU EXPRESS Co., Ltd.).....	20
● Raul Serida (Hirano Vinyl Industry Co., Ltd.)	22
● Joshua Tristan Urdaneta (SEIEI Co., Ltd.)	24
● Joseph Portal Sloeta (ISUZU MOTORS CHUBU Co., Ltd.) ...	26
● Pagpapakilala ng mga Support Agencies	28

(Paalala) Ito ang pangalan ng departamento at posisyon sa trabaho sa panahon ng pag-issue (Pebrero 2021).

Yukari Aline Suzuki



Ipinanganak sa Brazil noong 1993, nakatira sa Hamamatsu City

<Industriya / Trabaho> Customer Relations, Overseas Manufacturing Industry Branch

<Language Skills> Japanese (native level), English (TOEIC 965 points), Portuguese

Paano ko ginugol ang aking panahon



Ipinanganak sa Brazil bilang 3rd generation Japanese

Dumating ako sa Japan noong ako ay isa't kalahating taong gulang. Ginamit ko ang wikang Hapon sa nursery at wikang Portuges sa bahay.



Nag-alala tungkol sa pag-aaral sa wikang Hapon

Pumasok ako sa isang pampublikong paaralang elementarya, ngunit mula Grade 3 hanggang sa 2nd Year ng junior high school ay bumalik ako sa Brazil at nag-aral sa isang paaralang Brazilian.

Nang pumasok ako sa isang pampublikong junior high school sa kalagitnaan ng 2nd Year junior high school, nahirapan akong mag-aral sa wikang Hapon, at sinabihan ako ng guro na, "Ang antas ng iyong Japanese ay pang Grade-5 elementary student." Lubos akong na-unsiyami kaya nag-aral ako nang mabuti at nakapasa para sa pampublikong high school.



Paglampas sa hadlang sa wika at pagpasok sa unibersidad sa hometown/Hamamatsu

Matapos makapagtapos sa high school, nagpatuloy ako ng pag-aaral sa Shizuoka University of Culture and Arts. Na-enjoy ko ang buhay kolehiyo sa pamamagitan ng pag-aaral ng internasyonal na kultura habang pinagbubuti ang aking kakayahan sa wika na nakasentro sa wikang Ingles.



Pagpasok sa Suzuki Motor Corporation

Ginusto kong makakuha ng trabaho sa Suzuki Motor Corporation, kung saan makapagtrabaho ako "globally" sa Hamamatsu. Ang aking kakayahan sa wika at karanasan sa pang-internasyonal na pananaw ay kinilala at ako ay na-hire.



Gamit ang wikang Ingles, pinapangasiwaan at inaasikaso ko ang import sa pagitan ng aming main office at mga pabrika sa Pilipinas, East Timor, at Myanmar. Mahirap hanapin ang pinakamahusay na pamamaraan dahil sa kanya-kanyang sitwasyon, ngunit mabilis kaming kumukunsulta sa aming mga superior at seniors upang malutas ang problema.

Nang makita ko ang maraming mga kotse ng Suzuki sa business trip ko sa Pilipinas, ipinagmamalaki ko na ang mga produktong naging bahagi ako ay naging parte ng buhay ng mga taga-ibang bansa.

Ang kasalukuyan kong layunin ay ang magawa nang mag-isa ang mga trabaho. Nais kong maranasan ang iba't ibang mga bagay upang makakuha ng posisyon bilang lider sa hinaharap. Gusto kong sumuong sa isang mas malawak na mundo, gaya ng mailipat sa ibang bansa para sa trabaho.



Shuzo Hoshikura ng Overseas Automobile Sales Headquarters, Automobile Asia Department, Suzuki Motor Corporation



Habang kumukunsulta sa kanyang mga seniors at superiors ay kayang gawin ni Ms. Aline ang kanyang trabaho nang mahusay at may mataas na antas ng kakayahan. Sa hinaharap, sa palagay ko ay maaaring nasa isang posisyon siya na may responsibilidad, kaya nais kong magbigay ng maraming mga pagkakataon upang humarap siya sa mga hamon. Nais kong matutunan niyang mabuti ang trabaho at umangat.

Sayuri Gabriela Yoshida



Ipinanganak sa Hamamatsu City noong 1990, nakatira sa Hamamatsu City

<Industriya / Trabaho> Money-lending, contact-person

<Language Skills> Japanese (native level), English (TOEIC 975 points), Portuguese

Paano ko ginugol ang aking panahon



Noong nasa elementarya, pabalik-balik ako sa Japan at Brazil

Ipinanganak ako sa Hamamatsu City at pumasok sa isang pampublikong paaralang pang-elementarya sa Hamamatsu City, ngunit kapag Sabado ay nag-aaral ako ng wikang Portuges sa isang paaralan para sa mga Brazilian. Habang nasa elementarya, maraming beses akong naging pabalik-balik sa ibang bansa.



Nagpatuloy ako ng pag-aaral sa English department ng isang pampublikong high school sa Hamamatsu City

Nagpatuloy ako ng pag-aaral sa isang pampublikong junior high school at high school sa Hamamatsu City. Sa high school ay maraming kabataan ang umuwi sa Japan, kaya nasa kapaligiran ako na likas kong natutunan ang wikang Ingles. Nagpatuloy ako sa pag-aaral ng wikang Hapon at nakapasa sa Japanese Language Level 1 Test noong ako ay nasa 2nd Year high school.



Nagpatuloy ng pag-aaral sa unibersidad sa hometown/Hamamatsu

Nag-aral ako ng tungkol sa mga wika at multikulturalismo sa isang unibersidad sa Hamamatsu City at kumuha ng lisensya bilang guro. Gayundin, ako ay nabiyayaan ng isang anak habang nag-aaral at nagsumikap sa pag-aaral habang sinusupportahan ng aking pamilya at ng mga tao sa aking paligid.



Pagpasok sa Hamamatsu Iwata Shinkin Bank (dating Iwata Shinkin Bank)

Namangha ako sa nakikitang mga Brazilian na empleyado ng money-lending bank na may pagmamalaking nagtatrabaho. Hinahangaan ko sila at nais kong suportahan ang lokal na komunidad ng mga Brazilian, kaya't pumasok ako para mag-trabaho sa Hamamatsu Iwata Shinkin Bank.



Marami ang mga banyagang customer sa aming shop, at kung hindi sila marunong magsalita ng wikang Hapon, tumutugon kami sa wikang Portuges o Ingles at sasabihan kami ng mga kataga ng pasasalamat.

Ang trabaho ay nangangailangan ng malawak na hanay ng kaalaman tungkol sa pananalapi at mga legal na usapin. Mahirap kumuha ng iba't-ibang mga kwalipikasyon habang nagtatrabaho, ngunit ito ay isang kapaligiran na maaari akong lumago, kaya nararamdaman kong may kabuluhan ang aking ginagawa.

Sa trabaho, ramdam ko ang suporta mula sa aking paligid. Bilang layunin, nais kong makapagtrabaho nang mahusay kasama ang aking mga seniors.

Habang ginagamit ang aking kakayahan sa wika, gagawin ko ang aking makakaya upang matugunan ang inaasahan ng lahat sa akin bilang isang regular na empleyado anuman ang aking nasyonalidad.



Emi Matsushima, Deputy General Manager (Customer In-charge Officer) ng Hamamatsu Iwata Shinkin Bank Nishigasaki / Komatsu Branch

Ang mga customer ay dapat tratuhin nang pantay. Kung kaya, hindi ko binibigyan ng special treatment si Ms. Yoshida dahil siya ay may Brazilian nationality. Sa tingin ko ay lubos siyang nagsusumikap. Sa tingin ko ay mahirap i-balanse ang pag-aalaga ng bata at pagtatrabaho, ngunit nais kong gawin niya ang kanyang makakaya.

Yuriko Aoki

Ipinanganak sa Peru noong 1996, nakatira sa Hamamatsu City



<Industriya / Trabaho> Transportation, general affairs in-charge

<Language Skills> Japanese (conversational, hiragana, katakana, kanji), Spanish

Paano ko ginugol ang aking panahon



Hinangaan namin ang komportableng pamumuhay sa Japan at isang pamilya kaming pumunta sa Japan

Dumating ako sa Japan noong ako ay 4 na taong gulang. Naramdaman kong may problema na ako lamang ang hindi makapagsalita ng Japanese sa aming elementarya kaya noong ako ay nasa Grade 2 sa elementarya ay nagawa kong makipag-usap sa conversational level.



Nag-aral nang mabuti kasama ang aking ina

Sinubukan kong matuto mula sa aking ina, ngunit naiiba ang paraan ng pagtuturo sa Peru, kaya't namroblema ang aking ina. Dahil doon, ang aking ina ay pumasok sa "Kumon" at itinuro niya sa akin ang mga natutunan niya doon.



Itinuro sa akin na ang club activities ay mahalaga

Noong high school ay sumali ako sa swimming club. Nagsanay din kami sa gitna ng lamig, ngunit nagawa namin ng mga kaibigan ko na malagpasan ito. Ang mga araw-araw na pagsasanay kasabay ng mga kaibigan at paglahok sa mga prefectural competition ay mabuting mga alaala.



Pumasok ako sa idex!, kung saan nararamdaman ko ang magandang pakikisama sa trabaho

Nang bisitahin ko ang kumpanyang ito nang ipakilala ito sa amin noong high school, nagkaroon ako ng simpatiya sa personalidad ng President na nagpaliwanag ng mga nilalaman ng trabaho sa paraan na madaling maunawaan, at work environment kung saan ang mga kababaihan ay maaaring maging aktibo. Pumasok ako sa kumpanya na may mainit na pagtanggap ng lahat at naisip ko na "ito ang mga taong gusto kong makatrabaho". Ako ang in-charge sa reception at pangangasiwa ng mga sasakyan.



Sa pangangasiwa ng mga sasakyan, kailangan ang kooperasyon ng mga driver, kaya't pursigido kami sa aming komunikasyon sa kanila. Kapag intensyonal akong bumabati sa kanila nang may ngiti, sinasabihan ako na "Sumisigla ako", at napagtanto ko na kahit maliit na intensyon ay maaaring maging pagkakataon para makabuo ng isang relasyon na may tiwala.

Masaya ako masabihan ng "Salamat" pagkatapos kong masagot nang tama ang itinatanong ng taong may kaugnayan sa aming trabaho. Sinisikap ko rin tugunan ang anumang katanungan mula sa aming mga customer sa pamamagitan ng pagbahagi ng impormasyon mula sa aming kumpanya.

Natutunan ko na sa pagtatrabaho ng mahabang panahon at paglalim ng kaalaman at karanasan ay maaaring umangat sa career. Mayroon akong hinahangaan na isang katrabahong babae na mahusay magtrabaho, kaya't gagawin ko ang aking makakaya upang makalapit kahit kaunti sa kanya.



Nobuyuki Sawara, Section Manager, Accounting and General Affairs Division, idex! Co., Ltd.



Pinagsisikapan din niyang gawin ang trabahong hinihiling ng ibang department. Para siyang "bulaklak" na bumabating nakangiti hindi lamang sa mga customer kundi pati na rin sa mga empleyado. Mula ngayon ay maaari pang madagdagan ang trabahong ibinibigay sa kanya, ngunit nais kong makita na mas aktibo niyang gawin ang mga ito.

Minagi Baba



Ipinanganak sa Brazil noong 1995, nakatira sa
Kosai City

<Industriya / Trabaho> Production, machine
operator

<Language Skills> Japanese (conversational,
hiragana, katakana, kanji), Portuguese

Paano ko ginugol ang aking panahon



Ang trabaho ng aking ama ay naging stable, nagpunta ako sa Japan at pumasok sa junior high school

Naunang pumunta sa Japan ang aking ama at dahil ang trabaho
niya ay naging stable na, nagpunta ang aming pamilya sa Japan
at pumasok ako sa isang pampublikong junior high school.



Matutong magbasa at magsulat kasama ang mga bata sa isang tutorial classroom

Dahil hindi ko talaga maintindihan ang wikang Hapon, kumuha
ako ng karagdagang aralin sa paaralan. Nagawa kong makipag-
usap sa mga kaibigan habang nakikipaglaro sa kanila, ngunit
pumasok ako sa isang tutorial classroom para magbasa at
magsulat, at nagsimulang mag-aral mula sa mga materyales na
gamit sa pagtuturo ng mga bata sa kindergarten.



Nagpatuloy ng pag-aaral sa isang pampublikong high school at pagkahumaling sa soccer

Ginusto kong maging kapareho ng high school ang aking
kaibigan, kaya nag-aral ako nang mabuti at nakapasok sa isang
pampublikong high school. Sumali ako sa soccer club at naging
aktibo bilang isang regular na forward.



Sa hinaharap ay patungo sa trabahong manufacturing

Interesado ako sa istraktura ng mga makina, at noong nasa
high school ako ay dini-disassemble at ina-assemble ko ang
computer. Sa panahong ito, naisip ko na gusto ko ang trabahong
manufacturing sa hinaharap.



Natagpuan ng aking ama, na nakapagtrabaho na sa AIZEN Co., Ltd., ang pangalan ng
AIZEN Co., Ltd. sa listahan na ibinigay sa akin ng guro sa guidance counseling, inirekomenda
niya na ito ay isang komportableng kumpanya, kaya't nagpasya akong magtrabaho dito.

Sa kasalukuyan, gumagamit kami ng mga pinakabagong kagamitan na digital controls
upang magpatakbo ng mga makina na gumagawa ng mga pangunahing bahagi gaya ng
mga engine ng sasakyan. Natutuwa ako na kabilang ako sa paggawa at paglikha ng isang
bagay gamit ang aking sariling mga kamay.

Ngayon na ang bilang ng mga junior
employees ay dumami, sa palagay ko ay
mas responsable na ako kaysa dati.
Sa pang-personal na bagay, bago ikasal ay
nakakuha ako ng Japanese nationality.

Nagkaroon ako ng sariling pamilya,
pangarap kong makaipon ng pera at
magpatayo ng isang bahay. Dahil dito, nais
kong maging aktibo at pagbutihin pa ang
kalidad ng aking trabaho.



Mitsuhiro Matsushita, Section Manager,
Production Department 1, Main Production Group,
AIZEN Co., Ltd.

Ito ay isang trabaho na nangangailangan ng accuracy sa
mga proseso, ngunit siya ay isang mahusay na empleyado na
nararamdaman ang pagkakaiba ng kahit ilang milimetro lamang.
Siya rin ang namamahala sa paggabay at pagtuturo sa mga junior
employees. Inaasahan ko na ang kanyang antas ay mas tataas pa
mula ngayon. Sa hinaharap, nais kong maranasan niya ang iba't-ibang
mga proseso at maunawaan nang pangkalahatan ang mga trabaho.

Gabriel Libero Leyte Tsujino



Ipinanganak sa Brazil noong 1997, nakatira sa Fujinomiya City

<Industriya / Trabaho> Paper manufacturing, electrical equipment / boiler operation and maintenance

<Language Skills> Japanese (conversational, hiragana, katakana, simple kanji), Portuguese

Paano ko ginugol ang aking panahon



4th generation Japanese na ipinanganak sa Santos, Brazil

Lumaki ako sa Santos, Brazil, ngunit noong ako ay nasa Grade 4 ng elementary, pumunta ang aking pamilya sa Japan at lumipat ako sa isang elementarya sa Fujinomiya City.



Wikang Hapon kapag nanonood ng anime at nakikipag-usap sa mga kaibigan

Ang panonood ko ng anime sa wikang Hapon sa Brazil ay nakatulong sa akin na matuto ng wikang Hapon. Nagawa kong makipag-usap sa aking mga kaibigan sa pakikipaglaro sa kanila, ngunit naging matagal bago ako nakapagbasa at nakapagsulat.



Nakipagkaibigan sa pamamagitan ng paboritong laro na soccer

Nakipagkaibigan ako sa pamamagitan ng soccer. Noong nasa elementarya pa lamang ay naging regular na ako sa lokal na koponan, at sa paligsahan ay naging pangatlo kami sa Fujinomiya City. Ipinagpatuloy ko ang soccer sa mga club activities sa junior high school at high school.



Mula sa interes sa elektrisidad papunta sa pampublikong technical high school

Naging interesado ako sa kuryente sa aming klase sa science at nagpatuloy ng pag-aaral sa electricity department ng isang technical high school. Sa tingin ko ay mariing inirekomenda ng aking mga magulang na magpatuloy ako sa high school dahil nais nilang mag-aral ako nang mabuti at magkaroon ng stable na pamumuhay.



Sa tingin ko ay mariing inirekomenda ng aking mga magulang na magpatuloy ako sa high school dahil nais nilang mag-aral ako nang mabuti at magkaroon ng stable na pamumuhay. Sa high school, nasiyahan ako sa pag-aaral ng wiring at mga gawaing elektrikal. Naisip ko na magagamit ko sa trabaho ang aking mga natutunan kaya pumasok ako sa Gojo Paper MFG. Co., Ltd.

Ako ang in-charge sa maintenance ng lahat ng mga kagamitang elektrikal at boiler para sa buong factory. Kapag may nangyaring problema ay hihinto ang factory, kaya dapat itong malutas nang mabilis at bagama't may pressure, ang pakiramdam ng tagumpay kapag nalutas ito ay isa sa mga nagbibigay ng kabuluhan sa aking trabaho.

Sa kasalukuyan ay nag-aaral ako upang makakuha ng certification bilang boiler engineer / electrician. Isinusulat ko ang mga bagong salita, mga paalala atbp., sa aking notebook para ma-review ito anumang oras.



Hiroki Uwagaki, Section Manager, Engineering Section, Production Department, Gojo Paper MFG. Co., Ltd.

Dahil nangangailangan ang trabahong ito ng adaptability, hindi maaaring maging ganap na manggagawa kung hindi magpapatuloy sa loob ng 10 taon. Isang magandang bagay sa kanya ay hindi na niya inuulit ng pangalawang beses ang isang bagay kapag pinaalalahanan na siya ng isang beses. Masaya at masigla niyang ginagawa ang trabaho, kaya nais kong maglaan ng oras upang mapalago siya. Inaabangan ko kanyang paglago mula ngayon.

Chago Mitsuo Tachibana



Ipinanganak sa Brazil noong 1986, nakatira sa Iwata City

<Industriya / Trabaho> Production, production/shipment inspection in-charge

<Language Skills> Japanese (conversational, hiragana, katakana, kanji), Portuguese

Paano ko ginugol ang aking panahon



Ipinanganak sa Sao Paulo, Brazil bilang pangalawang anak sa tatlong magkakapatid

30 taon na ang nakakalipas mula nang magtrabaho sa Japan ang aking mga magulang, kaya lumaki ako sa isang malaking pamilya na may lola at tiyahin. Dahil naging stable na ang trabaho ng aking mga magulang sa Japan, pumunta ako sa Japan sa edad na 11 taong gulang.



Pumasok sa isang pampublikong junior high school nang walang nalalaman

Ang paaralang para sa mga Brazilian na pinasukan ko mula sa unang araw nang pagpunta ko sa Japan ay biglang nagsara, kaya kahit na walang alam kahit man lang "Konnichiwa" ay pumasok ako sa pampublikong junior high school. Naging mabait sa akin ang mga kaibigan ko kaya nagawa kong makipag-usap sa kanila, subalit hindi ako marunong bumasa o sumulat, kaya marami akong isinulat at tinandaang mga characters. Tumagal ng 3 taon ang pag-aaral ko ng wikang Hapon.



Nagpasyang magpatuloy sa pag-aaral dahil sa sinabi ng guro

Nagpasya akong magpatuloy sa pag-aaral dahil sa sinabi ng aking guro, "Hindi ka dapat sa junior high school lang matapos", at nagpatuloy mag-aral sa pampublikong alternative high school sa Hamamatsu City. Isang malaking bunga ng buhay ko sa high school ay ang makatagpo ko sa soccer club ang aming coach na inire-respeto ko at maituturing na senior ng aking buhay.



Patuloy pa rin sa pag-aaral hanggang sa ngayon

Pagkatapos kong magtapos ng high school, pumasok ako sa Kaneko Iron Factory. Sa tingin ko ay mahalaga ang edukasyon at hanggang ngayon ay patuloy akong nag-aaral.



Sa una ay ako ang in-charge sa assembly line ng mga parts, ngayon naman ay sa akin ipinagkatiwala ang trabaho ng pag-inspect ng mga shipment. Ito ay isang trabahong may mabigat na responsibilidad, ngunit may kabuluhan ang aking trabaho dahil sa pagtitiwala sa akin. Kung kahit konti lang na pangit ang kaledad ng mga parts, ang finished product ay magkakaroon ng diperensiya, kaya't ipinagmamalaki namin ang pag-inspect nang walang kompromiso.

Dahil ako ay isang regular employee, madaling magplano para sa hinaharap, at sa hinaharap ay nais kong magkaroon ng pamilya at bahay. Nais kong hangarin ng lahat na maging isang full-time na empleyado upang magkaroon ng stable na pamumuhay. Sa tingin ko ay kinakailangan ang wikang Hapon sa pagiging regular employee.

Nakikilahok din kami sa local fire brigade. Nais kong mag-ambag sa pamayanan na tumanggap sa akin.



Tatsuji Kaneko, President and CEO, Limited Company Kaneko Iron Factory

Mahigpit naming sinusuri ang kaledad ng aming mga produkto, kaya kung makikinig sa sinabi ni Mr. Tachibana, makatitiyak kang hindi magkakamali. Ganyan namin siya pinagkakatiwalaan. Marami kaming mga nagiging empleyado sa Brazilian. Lahat sila ay seryoso at may focus, at ito ay isang mahalagang kakayahan na hindi dapat mawala.

Leonardo Tsuchiya



Ipinanganak sa Brazil noong 1984, nakatira sa Hamamatsu City

<Industriya / Trabaho> Public works, fireman
<Language Skills> Japanese (native level), Portuguese

Paano ko ginugol ang aking panahon



Lumaki sa Brazil mula sa mga magulang na magkaiba ang lahi

Ako ay lumaki sa Brazil hanggang sa ako ay maging 4 na taong gulang, at pumasok sa isang lokal na kindergarten at nagsasalita sa wikang Portuges.



Panandaliang pananatili lamang sa Japan ang aming pinlano

Nagsimula kaming manirahan sa Hamamatsu City, ngunit dahil binalak naming bumalik agad sa Brazil, ipinagbawal ang wikang Hapon sa bahay. Kahit na nakakausap ko sa wikang Hapon ang mga kaibigan sa paligid ko, hindi ako marunong bumasa at sumulat. Ngunit noong ako'y tumuntong sa Grade 3 ng elementarya, nagawa ko rin itong maintindihan sa wakas.



Sa elementarya, junior high at high school, lumago ang aking pakikipagkaibigan sa pamamagitan ng basketball

Maraming beses akong nagpalipat-lipat ng paaralan sa loob ng lungsod, ngunit dahil naglalaro ako ng basketball para sa isang lokal na sports group ng mga batang lalaki, nakatulong na may kilala ako sa lilipatang paaralan. Nagpatuloy ako sa paglalaro ng basketball maging sa junior high school at high school.



Nagpatuloy ng pag-aaral sa isang vocational school upang mag-aral ng designing


Halos kapareho ng interes ko sa basketball ang interes ko sa art. Kasunod ng pagtatapos sa high school, upang makakuha ng trabaho sa designing ay pumasok ako sa isang vocational school kung saan maaaring makakuha ng "Advanced Diploma", at pinag-aralan nang mabuti ang designing.



Nagtrabaho ako sa design department ng isang major car manufacturer, ngunit hindi ko mabitawan ang aking paghanga sa mga bumbero, kaya sa edad na 26, ang limit ng edad para sa civil service examination, ay sinubukan kong mag-test at ako ay nakapasa. Sa kasalukuyan, malayo ako sa fire station at nagtatrabaho nang may kaugnayan sa Disaster Prevention Training sa Crisis Management Section ng lungsod.

Bagama't naiiba ito sa naisip kong imahe ng isang bumbero, ramdam ko ang pagmamalaki sa trabahong nakakatulong sa mga taong nangangailangan. Sa Fire Department Presentation, inanunsyo namin ang paggamit ng translation app para sa aming mga firefighting activities at tinanggap namin ang ikalawang pinakamataas na gantimpala sa buong Japan. Naisip ko na isang magandang bagay kung makapag-develop ng app na gumagamit din ng GPS.

Kung magsisikap ka ay magkakatotoo ang iyong mga pangarap, kaya gusto ko na ang mga kabataang mula sa Brazil ay magsumikap din patungo sa kanilang mga pangarap.



Tetsuya Ishihara, Planning and Management Group Head, Information Command Section, Hamamatsu City Fire Department

Ang trabaho ng fire department at disaster prevention ay medyo magkatulad at magkaiba, kaya bagama't sa tingin ko ay nagkaroon ng mga problema noong una, ang trabaho ng disaster prevention ay mahalaga at mapapakinabangan kahit na bumalik siya sa trabaho sa fire department. Siya ay responsable sa kanyang trabaho, may masigla at magiliw na personalidad at mahusay sa komunikasyon sa iba't-ibang tao.

Hiroshi Okino



Ipinanganak sa Brazil noong 1965, nakatira sa Hamamatsu City

<Industriya / Trabaho> Production, President
<Language Skills> Japanese (conversational, hiragana, katakana, kanji), Portuguese

Paano ko ginugol ang aking panahon



Ipinanganak sa Sao Paulo, Brazil bilang 2nd generation Japanese

Noong bata pa ako, nabuhay ako na gamit ang wikang Hapon nang halos 80% sa bahay. Nag-aral ako sa isang Japanese Language School hanggang sa ako ay mag-Grade 3 sa elementary, ngunit pagkatapos nito ay nag-aral na ako na gamit ang wikang Portuges.



Nag-aral habang nagtatrabaho, nag-major ng Business Administration sa unibersidad

Habang pumapasok sa high school, nagtrabaho ako sa isang financial institution at kumita ng sarili kong panggastos sa pag-aaral. Kung hindi ako nagtapos sa unibersidad, malilimitahan ang aking trabaho, kaya't nagsumikap ako at pinag-aralan ang Business Administration sa unibersidad.



Pumunta sa Japan sa edad na 24 taong gulang, pansamantalang umuwi at pagkatapos ay pumunta ulit sa Japan

Pumunta ako sa Japan bilang isang tinatawag na "migrant" at nagtrabaho sa isang factory ng sasakyan sa Hamamatsu, ngunit umuwi ako sa Brazil nang halos isang taon at bumalik sa Japan kasama ang aking asawa makalipas ang isa't kalahating taon.



Naging regular employee ng isang manpower agency

Ako ay naging regular employee sa isang manpower agency na pinasukan ko noong una akong dumating sa Japan. Sarili akong natutong magbasa at magsulat sa wikang Hapon dahil sa aking trabaho.



Nagtrabaho din ako sa ibang manpower agency sa loob ng 14 na taon. Nakuha ko ang posisyon na section manager bilang coordinator para sa mga "nikkeijin" (dayuhan ang nasyonalidad ngunit may dugong hapon), at ginawa ang lahat ng aking makakaya upang matugunan ang kapwa mga customer at temporary employees.

Kahit na maliliit na mga pagtatagpo ay naging mahalagang network na nakaugnay sa akin. Nagkaroon ako ng malakas na hangarin na humarap sa hamon sa halip na maging stable, kaya't noong 2007 ay sinimulan namin ang isang manpower agency. Ako ay Brazilian, kaya sa tingin ko ay wala akong kakaibang dinanas na paghihirap. Nais kong panatilihin ang mga aral ng aking ama at lolo na mamuhay nang tapat kasama ang mga tao.

Kamakailan lamang ay sinimulan din namin ang pagpapalaganap sa Brazil ng warm water toilet seat na aming bagong business. Nakasalalay dito ang buhay ng aming mga empleyado kaya't ang layunin namin ay maging "malakas" na kumpanya.



Naoyuki Ueno, Senior Managing Director, Forest Co., Ltd.

Ako man ay nagmula sa Brazil. Lumikha ako ng isang kumpanya kasama si President Okino na nakilala ko habang nagtatrabaho bilang isang temporary employee. Si President ay may ilang mga aspeto na istrikto, ngunit siya ay isang mabait na tao na nagmamalasakit sa mga empleyado at lumilikha ng isang komportableng kapaligiran para sa pagtatrabaho.

(Team Leader, Limited Company Yanazai.)

Munhubat Nyamujau

Ipinanganak sa Mongolia noong 1980, nakatira sa Shimada City

<Industriya / Trabaho> Forestry, forest engineer

<Language Skills> Japanese (conversational, hiragana, katakana, kanji), Mongolian



Paano ko ginugol ang aking panahon

01 Pinalaki sa kalikasan ng Mongolia at sumusunod sa propesyon ng mga magulang sa forestry

Lumaki ako na ang puso ay malapit sa kalikasan sa poder ng aking mga magulang na nagsasagawa ng forestry. Nag-aral ako ng forest engineering sa isang unibersidad sa Mongolia at nagtrabaho sa Nature Preservation ng Ministry of Natural Environment.

02 Nagsimula ng bagong buhay sa Hamamatsu City dahil sa pagpapakasal sa ibang lahi

Pumunta ako sa Japan nang ako ay magpakasal, ngunit noong una ay wala akong maintindihan sa wikang Hapon at dahil mahirap makakuha ng trabaho, pumasok muna ako sa isang klase ng wikang Hapon na ginaganap sa Hamamatsu International Association upang mag-aral ng wikang Hapon.

03 Nakuha ang conversational level sa loob ng halos isang taon

Pinayuhan ako ng guro na "Ang panonood ng TV ay mahalaga din". Halos isang taon mula nang ako ay dumalo sa klase ng wikang Hapon, nagagawa ko nang makipag-usap sa conversational level.

04 13 taong paglilingkod sa Limited Company Yanazai. Maaasahang core leader

Sa pamamagitan ng Hello Work ay nakapasok ako sa Yanazai bilang isang regular employee. Natutunan ko ang mga kaalaman at teknolohiyang kinakailangan para sa forestry magmula sa simula, gaya ng katangian ng mga kabundukan at mga puno ng Japan, kumuha din ako ng mga lisensya para sa paggamit ng chainsaw at crane. Sa kasalukuyan, bilang isang team leader, pinagbubuti ko ang paggawa ng aking trabaho habang pinoprotektahan ang kaligtasan ng aking mga kasamahan.



Pinangangasiwaan namin ang malawak at mayamang kagubatan sa Oi River catch basin, nagpapalaki kami ng mga puno, pinoprotektahan ang mga bundok, at nagsasagawa ng pagputol sa mga magandang troso. Ang edad ng kagubatan ay nag-iiba ayon sa bawat bundok, at ang kapal at bigat ng mga puno ay magkakaiba rin. Maingat naming kinikilala ang uri at katangian ng bawat puno at pinuputol ito. Habang nagtatrabaho ay iniisip namin na ang mga ito ay gagawing materyales para sa mga haligi ng bahay, sahig, kasangkapan, mga laruan ng mga bata, atbp.

Nang pumasok ako sa kumpanya, nanatili sa akin ang paghanga nang ako ay turuan nilang mabuti sa kabila ng aking pagiging dayuhan. Ngayon ay ako na ang leader sa aking lugar ng pinagtatrabahuhan, kaya gagawin ko ang aking makakaya upang magawa ang mga inaasahan sa akin.

Volunteer din ako bilang isang interpreter, kaya nais kong maging tulay sa pagitan ng Shizuoka at Mongolia.



Masaaki Yanagigawa, President and CEO, Limited Company Yanazai.



Noong interview niya ay lubos kong naramdaman ang kanyang sigasig sa industriya ng forestry at siya ay na-hire. Mayroon din siyang magandang reputasyon sa industriya bilang isang katangi-tanging tao. Hindi ko inisip na mahalaga ang nasyonalidad sa trabahong ito. Inaasahan kong mamumuno siya sa mga kabataan at maghahangad ng mataas na antas ng trabaho.

Takumi Hamada



Ipinanganak sa Brazil noong 1966, nakatira sa Fuji City

<Industriya / Trabaho> Forwarding, warehousing

<Language Skills> Japanese (conversational, hiragana / katakana), Portuguese

Paano ko ginugol ang aking panahon

01

Ipinanganak sa Sao Paulo, Brazil bilang isang 2nd generation Japanese

Nang makapagtapos ako ng elementarya, junior high school at high school sa Sao Paulo, nagpatuloy ako ng pag-aaral sa unibersidad upang matuto ng agrikultura para sa aming family business. Gayundin, bilang isang propesyonal na manlalaro ng futsal, nagwagi kami sa isang lokal na professional league nang apat na beses.

02

Noong ako ay 22 taong gulang, pumunta ako sa Japan kasama ang isang kaibigan

Huminto ako sa kolehiyo dahil sa mga kadahilanang pampamilya at nagpunta sa Japan. Bilang isang temporary employee ay nagtrabaho ako sa isang factory ng mga piyesa ng sasakyan sa Fuji City. Isinusulat at pinag-aaralan ko ang mga salitang hindi ko naiintindihan sa wikang Hapon at dinadagdagan ko ang bilang ng mga salitang aking naiintindihan.

03

Pinagbuti ang sariling kakayahan habang lumilipat ng trabaho

Lumipat ako ng lugar ng pinagtatrabahuhan nang maraming beses bilang isang temp employee, ngunit naisip kong hindi ko gusto na mapasali sa mga nauunang natatanggal na empleyado kaya't kumuha ako ng certification bilang forklift operator upang maging isang regular employee.

04

10 taong paglilingkod sa FUGAKU EXPRESS Co., Ltd. Aktibo bilang isang manager

May karanasan ako sa pagpapatakbo ng sarili kong negosyo, ngunit sa kasalukuyan ay gusto ko ng stable na pamumuhay at magtrabaho bilang isang regular employee. Sa logistics, ang forklift certification ay kapakinabang.



Sa isang malaking distribution center ng isang major manufacturer na may 280,000 case ng mga inventory at 80 mga trak para sa warehousing at shipping, ako ang namamahala sa personnel affairs at oras ng pagtatrabaho ng 30 mga nasasakupang tao. Nagmamaneho din ako mag-isa ng forklift, ngunit tinitingnan ko ang buong distribution center at pinamamahalaan kung gumagalaw ba nang maayos ang mga tao at mga bagay.

Mahalaga ang karanasan para sa flexible na pag-aasikaso ng maraming kargamento, at nararamdaman ko ang kabuluhan nito bilang tagapamahala. Ako ay nagtrabaho bilang isang temporary employee sa mahabang panahon, ngunit ang mga regular employee ay mayroong mas stable na pamumuhay at ang motibasyon din nila ay umaangat.

Hindi panatag ang aking loob kapag hindi ko natapos ang trabahong sinimulan kong gawin. Nais kong gawin nang maayos ang trabahong ibinigay sa akin hanggang sa matapos ko ito.



Makoto Shigemori, General Manager, Kofu Branch, FUGAKU EXPRESS Co., Ltd.



Napakataas ng kakayahan ni Mr. Hamada sa pagpapatakbo ng forklift, at inirerekomenda din namin siyang lumahok sa mga paligsahan. Seryoso at metikuloso, mayroon kaming 100% na tiwala sa kanyang pamamahala sa forklift, pamamahala sa tao, at pamamahala sa produkto. Kahit na mahirap ay pagsisikapan niya itong tugunan. Siya ay mahalagang human resource para sa kumpanyang ito na hindi dapat mawala.

Raul Serida

Ipinanganak sa Peru noong 1970, nakatira sa
Hamamatsu City

<Industriya / Trabaho> Production, branch
location logistics

<Language Skills> Spanish (simple), Portuguese,
Japanese (conversational, pagbabasa at pagsusulat ng simpleng)



Paano ko ginugol ang aking panahon

01 3rd generation Japanese na ipinanganak sa Lima, capital ng Peru

Ipinanganak at lumaki ako sa isang lugar na maraming mga Hapon, ngunit ang lahat ng pag-uusap namin sa bahay at sa mga klase ng aming paaralan ay nasa wikang Espanyol.

02 Nag-aral ng Business Administration sa Lima University

Matapos mag-aral ng Business Administration sa Lima University, nakakuha ako ng trabaho sa kumpanya na pinamamahalaan ng isa naming kamag-anak at ako ay naging in-charge sa general affairs at human resources.

03 Natupad ang pangarap na magpatakbo ng isang kumpanya, ngunit dahil sa patung-patong na kamalasan, nagpasya akong pumunta sa Japan

Nagtrabaho ako sa kumpanyang iyon sa loob ng 7 taon at nagtayo ng isang apparel company. Maganda ang takbo ng negosyo, ngunit dahil sa mga kamalasan gaya ng dalawang beses na manakawan, nagsara ang kumpanya. May utang din ako at noong ako ay namroblema, nalaman ko na maaaring kumita ng pera sa Japan at nagpasya akong pumunta sa Japan.

04 Dumating sa Japan sa edad na 36 at nag-aral ng wikang Hapon sa isang language school.

Dumating ako sa Japan at kasama ang aking asawa ay nagsimula kaming magtrabaho bilang mga temporary employees sa isang factory ng mga piyesa ng sasakyan sa Hamamatsu City. Upang matutunan ang wikang Hapon, nagbayad ako ng malaking halaga ng tuition fee at pumasok sa isang language school.

Pagkatapos noon, ako ay naging leader in-charge sa logistics ng factory ng isang major manufacturer ng mga home appliances, ngunit dahil sa isa akong temporary employee ay natanggal ako noong 2008 Financial Crisis.



Matapos ang 2008 Financial Crisis, nagtrabaho ako bilang regular employee sa isang wholesaler ng prutas at gulay, ngunit nang kumunsulta ako sa presidente ng kumpanya tungkol sa oras ng pagtatrabaho at holidays, ipinakilala niya ako sa Hirano Vinyl Co., Ltd. at ako ay lumipat ng trabaho.

Sa kasalukuyan ay ako ang in-charge sa pamamahala ng warehousing at sa pamamahala ng mga customer para sa mga upuan ng sasakyan, atbp., at sa akin din ipinagkatiwala ang pamamahala sa factory. Kahit sino ay maaaring magtrabaho sa parehong pamamaraan, at lumilikha kami ng mga panuntunang susundin upang maiwasan ang mga pagkakamali. Ang aking karanasan sa pagpapakatbo ng kumpanya sa Peru at pagtatrabaho bilang isang temporary employee sa Japan ay napapakinabangan ko.

Walang kinalaman sa aking nasyonalidad, ako ay na-evaluate at na-promote sa paraan ng aking pagta-trabaho, at ako ay lubusang natutuwa sa pagtitiwala sa akin ng presidente ng kumpanya. Sa hinaharap, nais kong matupad ang pangarap kong makabili ng bahay habang minamatyagan ang paglaki ng aking anak.



Toshinao Hirano, CEO, Hirano Vinyl Industry Co., Ltd.

Si Mr. Raul ay isang magaling na empleyado na kayang tingnan ang mga trabaho mula sa pananaw ng isang manager at kayang ipagpatuloy nang lohikal ang pagkilos ng mga bagay. Siya ay lubos na may kamalayan sa mga gastusin at nagmumungkahi ng mga improvement upang matukoy ang mga aksaya sa logistics. Sa hinaharap, umaasa ako na siya ay magiging aktibo bilang isa sa mga core employees ng kumpanya.

Joshua Tristan Urdaneta



Ipinanganak sa Pilipinas noong 1997, nakatira sa Hamamatsu City

<Industriya / Trabaho> General custom-built home construction industry, home adviser

<Language Skills> Japanese (conversational, hiragana, katakana, kanji), Filipino, English

Paano ko ginugol ang aking panahon



Dumating sa Japan sa edad na 12 taong gulang upang manirahan kasama ang ina

Ipinanganak at lumaki ako sa Pilipinas, nang makatapos sa elementarya ay nagpunta ako sa Japan upang manirahan kasama ang aking ina na nasa Japan.



Pinagbuti sa wikang Hapon sa pamamagitan ng komunikasyon at klase sa wikang Hapon

Pumasok ako sa isang pampublikong junior high school, ngunit nahirapan ako dahil hindi ako makasabay sa pakikipag-usap at sa mga klaseng itinuturo sa wikang Hapon. Gayunpaman, salamat sa aking mga kamag-aral na kinakausap ako at isinama nila bilang kaibigan, at sa mga klase sa wikang Hapon na pinasukan ko pag weekends, nagawa kong makipag-usap nang unti-unti at nagawa ring makipagkaibigan.



Pagpapatuloy ng pag-aaral sa high school para sa hinaharap

Alam ko na ang mga nagtapos sa high school, vocational school o unibersidad ay magkakaroon ng mas maraming mapagpipiliang trabaho, kaya nagpasya akong magpatuloy sa high school at pumasok sa isang pampublikong high school na may mga pagsusulit para sa mga dayuhang mag-aaral.



Naghangad na maging isang arkitekto, at nagpapatuloy duon

Nais kong matutunan ang husay ng building technology ng Japan at magtayo sa Pilipinas ng mga bahay na matibay sa mga bagyo, kaya nang makapagtapos sa high school ay nag-aral ako ng arkitektura at disenyo sa isang vocational school. Pagkatapos nito, pumasok ako sa isang designing office at noong Marso 2019 ay lumipat ako sa SEIEI Co., Ltd.



"Gusto mo bang sumama sa pagbuo ng mga bahay ng Pilipino?" Nang ako ay tawagin ng presidente ng kumpanya, nasabik akong isipin na ito ay magiging isang hakbang palapit sa aking pangarap. Mula sa konsultasyon ng kostumer hanggang sa pagpapalano, pagkumpleto ng mga drawing plan at paglikha ng mga dokumento, malawak at mahirap ang saklaw ng trabaho, ngunit nararamdaman ko ang kabuluhan nito.


Pinapakinggan namin nang mabuti ang mga request ng aming mga customer at iminumungkahi na magpagawa ng bahay na nababagay sa kanila. Lalo kong nararamdaman ang kabuluhan ng aking trabaho kapag masaya ang mga customer. Upang matupad ang pangarap na magtayo ng mga bahay na matibay laban sa mga sakuna sa Pilipinas, layunin ko na makakuha ng certification bilang isang arkitekto, at mapagkatiwalaan na tumanggap ng order at magdisensyo, hanggang sa ito ay mai-hand-over ko!



Toshinori Suzuki, CEO, SEIEI Co., Ltd.

Siya ay isang mahusay na empleyado na nakikipag-usap sa aming mga customer sa wikang Filipino at kaya niyang pakinggan ang mga request at damdamin ng kanyang kausap. Kamakailan lamang ay tumaas ang bilang ng mga customer na hinahanap si Joshua. Mayroon siyang pagnanais na tumanggap ng iba't ibang mga bagay, at umaasa ako para sa kanyang kinabukasan. Ginagawa niya ang kanyang makakaya upang matupad ang kanyang pangarap.

Joseph Portal Sloeta



Ipinanganak sa Hamamatsu City noong 1998, nasyonalidad ay Peru

<Industriya / Trabaho> Automobile mechanic, heavy vehicle maintenance

<Language Skills> Japanese (native level), Spanish (conversational)

Paano ko ginugol ang aking panahon

01 Ang aking mga magulang ay mula sa Peru, ako ay ipinanganak sa Hamamatsu City

Hindi nakapagsasalita ng wikang Hapon ang aking mga magulang at nag-uusap kami sa wikang Espanyol sa bahay. Tumira kami sa isang bahay na solo, ngunit ang trabaho ng aking ama ay hindi stable dahil madali itong maapektuhan ng ekonomiya, kaya noong ako ay 2 o 3 taong gulang, ipinagbili ang aming bahay at lumipat kami sa isang apartment.

02 Lumaki sa isang pamayanan ng mga dayuhan

Marami akong mga dayuhan na kaibigan sa apartment, kaya't natuto lamang ako ng wikang Hapon mula nang pumasok ako sa nursery.

03 Sa aking paglaki, ang wikang Hapon ang naging sentro ng pamumuhay

Sa pagkuha ko ng mga karagdagang aralin sa wikang Hapon sa elementarya at pakikipaglaro sa mga kaibigang Hapon, natuto akong magsalita ng wikang Hapon.

04 Masinsinang pag-aaral sa panahon ng high school

Mababa ang aking mga marka sa junior high school, ngunit nagsumikap ako upang mag-aral para sa pagsusulit at walang aberyang nakapasok isang pampublikong high school sa lungsod, na nagbigay ng kumpiyansa sa aking sarili.

Sa high school, inilaan ko ang aking sarili sa pag-aaral. Nag-aral ako nang mabuti upang mapatunayan ang sarili ko sa kaibigan na nagsabi sa aking, "Wala ring silbi kahit gawin mo 'yan" at unti-unting umangat ang aking mga marka hanggang sa maging kasiya-siya sa akin ang pag-aaral.



Naalala ko ang mga salitang sinabi ng aking guro sa junior high school, "Para maging stable sa pagtatrabaho ay mas mabuti kung makakakuha ka ng certification", kaya pumasok ako sa isang junior college kung saan matututunan ko ang mga technology sa maintenance ng mga sasakyan, at nakakuha nga ako ng certification bilang Level 2 automobile mechanic.

Nang makapagtapos ay nakakuha ako ng trabaho sa ISUZU MOTORS CHUBU Co., Ltd., na may kinalaman sa mga trak na sumusuporta sa logistics. Ngayon ay nag-aaral ako ng trabaho sa pag-inspeksyon ng mga sasakyan habang

sinusuportahan ang aking mga seniors sa trabaho. Nais kong maging mekaniko kagaya ng aking mga seniors sa trabaho na agad nakikita ang problema sa mga sasakyan dahil sa taglay nilang mataas na kakayahan.

Sa bahay ay mag-isa akong nag-aaral ng wikang Ingles. Mayroon din kaming mga branch sa ibang bansa, kaya't pangarap ko ring maging aktibo sa buong mundo.



Toshiyasu Kano, Hamamatsu Branch Engineer, ISUZU MOTORS CHUBU Co., Ltd.

Ito ay isang trabaho na kailangan ang pakikipagtulungan sa kapwa team, kaya't mahalaga magtrabaho na kasundo ang mga tao. Dahil ang bawat trak ay may iba't ibang mga bahagi at piyesa na kailangang i-maintain, magtatagal bago maging isang ganap na mekaniko, ngunit nais kong makakuha siya ng mga karanasan nang hindi nagmamadali at maging aktibo bilang isang ganap na mekaniko.

Shizuoka Job Station

Ang mga tumutulong sa paghahanap ng trabaho ang namamahala sa pagtanggap ng mga konsultasyon tungkol dito nang walang bayad. Tumutulong sila magmula sa mga konsultasyon hanggang sa ikaw ay makapagtrabaho.



Nasa wikang
Hapon
lamang

Mga suportang ibinibigay

- Konsultasyon sa paghahanap ng trabaho
- Seminar tungkol sa suporta para sa mga dayuhan

Consultation counter

Ang mga interpreter ay nakadestino sa bawat lugar.

Area	Lokasyon	Numero ng telepono	Interpreter
Tobu	1-1-3 Numazu Sangyo Building 2F, Otemachi, Numazu City	055-951-8229	English
Chubu	14-1 Mizunomori Building 3F, Minami-cho, Suruga-ku, Shizuoka City	054-284-0027	Portuguese
Seibu	1-12-1 Prefectural Hamamatsu General Government Building, Naka-ku Chuo, Hamamatsu City	053-454-2523	Portuguese

Foreign Regular Employee Job Consultation Center

Ang tagapayo ay tumatanggap ng mga konsultasyon patungkol sa mga aktibidad sa trabaho nang walang bayad, at nagbibigay siya ng suporta magmula sa mga konsultasyon hanggang sa pagtatrabaho o pananatili sa pinagtatrabahuhan.



Nasa wikang
Hapon
lamang

Mga suportang ibinibigay

- Konsultasyon para sa paghahanap ng trabaho at mga interview bilang isang regular employee
- Suporta para sa pananatili sa pinagtatrabahuhan pagkatapos makapasok sa kumpanya

Consultation desks

Lokasyon	Numero ng telepono
JADE Building 6F, 8-1 Miyuki-cho, Aoi-ku, Shizuoka City	0120-628-222

Work training facility

Bilang karagdagan sa pangunahing training para sa mga nagtapos ng high school (1 hanggang 2 taon), nagbibigay din kami ng mga training para sa mga naghahanap ng trabaho at training na naglalayong mas mapabuti pa ang mga kakayahan ng mga nagtatrabaho na sa mga kumpanya.



Nasa wikang
Hapon
lamang

Mga suportang ibinibigay

- Magsagawa ng training para sa mga residenteng dayuhan (training para sa mga empleyadong nagpalit ng trabaho, training para sa mga kasalukuyang nagtatrabaho)
- Suporta mula sa job training coordinator para sa pagdalo, halimbawa, sa mga konsultasyon (training para sa mga taong nagpalit ng trabaho)
- Isang interpreter ang itatalaga sa mga facility para sa training ng mga nagpalit ng trabaho.

* Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa consultation desks.

Consultation desks

Pangalan ng Pasilidad	Lokasyon	Numero ng telepono
Numazu Techno College*1	4044-24 Ooka, Numazu City	055-925-1071
Shimizu Techno College*2	160 Kusunoki, Shimizu-ku, Shizuoka City	054-345-3098
Hamamatsu Techno College	2444-1 Koike-cho, Higashi-ku, Hamamatsu City	053-462-5602

* Mula Abril 2021, magiging itong "Numazu Campus" ng Shizuoka College of Technology.

* Mula Abril 2021, ito rin ay magiging "Shizuoka Campus."



Shizuoka College of
Technology
(sa wikang Hapon
lamang)

Foreign Employment Service Corner (Hello Work)



Pahina sa wikang Hapon, Ingles at Portuges

Nag-set up kami ng mga desks para sa Hello Work sa loob ng Shizuoka prefecture kung saan kahit na ang mga dayuhang naghahanap ng trabaho ay panatag na makakakonsulta tungkol sa pagtatrabaho.

Mga suportang ibinibigay

- Isang interpreter counselor ang itinalaga upang magbigay ng mga payo sa pagtatrabaho at job placement.

Consultation desks

Pangalan	Lokasyon	Numero ng telepono	Suportadong Wika ※
Hello Work Shizuoka	235-1 Nishijima, Suruga-ku, Shizuoka City	054-238-8603	PT / ES / ZH
Hello Work Hamamatsu	50-2 Asada-cho, Naka-ku, Hamamatsu City	053-457-5157	PT / ES / EN
Hello Work Hosoe	312-3 Hirooka, Hosoe-cho, Kita-ku, Hamamatsu City	053-522-0165	PT / ES
Hello Work Hamakita	269-1 Numa, Hamakita-ku, Hamamatsu City	053-584-2233	PT / ES / EN
Hello Work Numazu	9-1 Ichiba-cho (Numazu Joint Government Building 1F), Numazu City	055-918-3711	PT / ES / TL / EN
Hello Work Gotemba	1111 Kamado-Aza Suido, Gotemba City	0550-82-0540	PT / ES
Hello Work Shimizu	2-15 Matsubara-cho (Shimizu Joint Government Building 1F), Shimizu-ku, Shizuoka City	054-351-8609	PT / ES
Hello Work Mishima	1-3-112 Bunkyo-cho (Mishima Labor General Government Building 1F), Mishima City	055-980-1302	PT / ES
Hello Work Kakegawa	71 Kaneshiro, Kakegawa	0537-22-4185	PT / ES / TL / EN

Pangalan	Lokasyon	Numero ng telepono	Suportadong Wika ※
Hello Work Shimada	1-4677-4 (Shimada Labor General Government Building 1F) Hontori, Shimada City	0547-36-8609	PT / ES
Hello Work Haibara	4138-1 Hosoe, Makinohara	0548-22-0148	PT / ES / TL
Hello Work Iwata	3599-6 (Iwata Regional Joint Government Building 1F) Mitsuke, Iwata City	0538-32-6181	PT
Hello Work Fuji	1-4, Minami-cho, Fuji City	0545-51-2151	PT / ES / TL / EN
Hello Work Yaizu	1-6-22 Station North, Yaizu City	054-628-5155	PT / ES / TL / EN

* PT: Portuguese ES: Spanish TL: Filipino EN: English ZH: Chinese

Sentro para sa Multikultural na Pangkalahatang Konsultasyon sa Lalawigan ng Shizuoka CAMELLIA



Pahina sa wikang Filipino

Nagbibigay kami ng mga konsultasyon sa mga problema tungkol sa pamumuhay gaya ng resident status, pagtatrabaho, pag-aalaga ng bata at mga pangangalagang medikal.

Mga suportang ibinibigay

- Konsultasyon sa pamumuhay (Portuges, Filipino, Espanyol, atbp.)
- Sinusuportahan ang higit sa 11 na wika sa pamamagitan ng mga videophone interpreters, translator gadgets, atbp.

Consultation desks

Lokasyon	Numero ng telepono
14-1 Mizunomori Building 2F, Minami-cho, Suruga-ku, Shizuoka City	054-204-2000

Iba pang mga consultation desks



Pahina sa wikang Ingles

Ito ay isang desk kung saan maaari kang kumunsulta sa wikang banyaga patungkol sa mga problema at alalahanin sa iyong buhay tulad ng pagkakasakit, pag-aaral ng mga bata, pagtatrabaho, imigrasyon at proseso ng paninirahan.

Mga suportang ibinibigay

Ang mga organisasyong gaya ng International Exchange Association ay tumatanggap ng mga konsultasyon patungkol sa mga sumusunod na paksa: Pamumuhay, Pangangalagang medikal, Edukasyon, Pagtatrabaho, Batas

* Maaaring makita mula sa QR code ang website ng Shizuoka International Exchange Association (Foundation). Mangyaring tingnan ang mga kinakailangang pahina ng mga consultation desks gaya ng para sa "Pamumuhay" at "Pangangalagang medikal".

Consultation desks

International Exchange Association, atbp.

Pangalan ng pasilidad	Lokasyon	Numero ng telepono
Shizuoka-ken Kokusai Koryu Kyokai	14-1 Mizunomori Building 2F Minami-cho, Suruga-ku, Shizuoka City	054-202-3411
Shizuoka-shi Kokusai Koryu Kyokai · Shizuoka honbu	5-1 Shizuoka City Hall 17F Ote-machi, Aoi-ku, Shizuoka City	054-273-5931
Shizuoka-shi Kokusai Koryu Kyokai · Shimizu shibu	6-8 Shimizu Branch Shimizu-ku Public Office 2F Asahi-cho, Shimizu-ku, Shizuoka City	054-354-2009
Hamamatsu Kokusai Koryu Kyokai	2-1 Create Hamamatsu 4F Hayauma-cho, Naka-ku, Hamamatsu City	053-458-2170
Numazu-shi Tiiki Jitika	16-1 (City Hall Regional Autonomy Division) Miyuki-cho, Numazu City	055-934-4717
Atami Kokusai Koryu Kyokai	1-1 (City Hall Lifelong Learning Division) Chuo-cho, Atami City	0557-86-6233
Fujinomiya-shi Kokusai Koryu Kyokai	5-7 Chuo-cho, Fujinomiya City	0544-22-8111
Ito Kokusai Koryu Kyokai	3-4 Ota Building 2F Matsukawa-cho, Ito City	0557-32-4666
Fuji-shi Kokusai Koryu Kyokai	1-100 Nagata-cho, Fuji City	0545-55-2704

Pangalan ng pasilidad	Lokasyon	Numero ng telepono
Iwata Kokusai Koryu Kyokai	150 (Toyoda Branch, Iwata City) Morioka, Iwata City	0538-37-4988
Yaizu-shi Shimin Kyodo-ka	2-16-32 (Citizen's Collaboration Division, City Hall) Honmachi, Yaizu City	054-626-2191
Kakegawa Kokusai Koryu Center	1-1-1 (Terrace 2F, City Hall) Nagaya, Kakegawa City	0537-24-5595
Fujieda-shi Kokusai Yuko Kyokai	2-1-5 Ekimae Cultural Center 2F, Fujieda City	054-270-3232
Gotemba Shiyakusho	483 (Citizen's Collaboration Division, City Hall) Hagiwara, Gotemba City	0550-82-4426
Fukuroi Kokusai Koryu Kyokai	1-1-15 Araya, Fukuroi City	0538-43-8070
Shimoda-shi Shinko Kosha	4-1-2, Shimoda City	0558-23-5151
Susono-shi Kaigai Yuko Kyokai	921-3 Ohashi Building 2F Sano, Susono City	055-993-9695
Kosai Kokusai Koryu Kyokai	1293-4 Washizu, Kosai City	053-575-2008
Omaezaki-shi Kokusai Koryu Kyokai	5585 (City Hall Planning and Policy Division) Ikeshinden, Omaezaki City	0537-85-1161
Kikugawa-shi Kokusai Koryu Kyokai	61 Horinouchi, Kikugawa City	0537-35-0925
Izunokuni-shi Yuko Toshi Koryu Kyokai	340-1 City Hall 2F, Nagaoka, Izunokuni City	055-948-1415
Izunokuni-shi Kokusai Koryu Kyokai	772 Yokkamachi, Izunokuni City	055-949-8600
Makinohara-shi Kokusai Koryu Kyokai	447-1 (City Hall Information Exchange Division) Shizunami, Makinohara City	0548-23-0040
Shimizu-cho Kokusai Koryu Kyokai	210-1 Doniwa, Shimizu City	055-981-8238
Nagaizumi-cho Kokusai Koryu Kyokai	828 Nakatogari, Nagaizumi-cho	055-989-5500
Oyama-cho Kokusai Koryu Kyokai	57-2 Fujimagari, Oyama-cho (Public Office)	0550-76-6135
Yoshida-cho Kokusai Koryu Kyokai	87 Sumiyoshi, Yoshida-cho	0548-33-2135
Mori-machi Kokusai Koryu Kyokai	177-5 Morimachi, Mori, Shuchi-gun Matsuura	0538-85-2111